PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna sa Meningococcal B:
*Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

## 1. Bakit magpapabakuna?

Ang **bakuna sa meningococcal B** ay maaaring makatulong sa pagprotekta laban sa **sakit na meningococcal** dulot ng serogroup B. Available ang ibang bakunang meningococcal na makakatulong sa pagprotekta laban sa mga serogroup A, C, W, at Y.

Ang **sakit na meningococcal** ay maaaring magdulot ng meningitis (impeksyon ng lining ng utak at spinal cord) at mga impeksyon sa dugo. Kahit na ginagamot, pumapatay ang meningococcal na sakit ng 10 hanggang 15 naimpeksiyong tao sa 100. At sa mga nabubuhay, mga 10 hanggang 20 sa bawat 100 ang magdurusa ng kapansanan tulad ng pagkawala ng pandinig, pinsala sa utak, pinsala sa bato, pagkaputol ng bahagi ng braso o binti, problema sa sistema ng nerbiyo o mga malalang peklat mula sa mga skin graft.

Ang sakit na meningococcal ay bihira at bumaba na sa Estados Unidos mula noong 1990s. Gayunpaman, ito ay isang malubhang sakit na may malaking panganib ng pagkamatay o pangmatagalang kapansanan sa mga taong nakakakuha nito.

Kahit sino ay maaaring magkasakit ng meningococcal. Ang ilang mga tao ay nasa mas mataas na panganib, kabilang ang:
- Mga sanggol na mas bata sa isang taong gulang
- Mga nagbibinata at nagdadalaga at batang nasa hustong gulang na 16 hanggang 23 taong gulang
- Mga taong may partikular na medikal na kundisyong nakakaapekto sa immune system
- Mga microbiologist na regular na nagtatrabaho sa mga isolate ng *N. meningitidis*, ang bakterya na nagdudulot ng sakit na meningococcal
- Mga taong nasa panganib dahil sa isang outbreak sa kanilang komunidad

## 2. Bakuna sa meningococcal B

Para sa pinakamahusay na proteksyon, kailangan ang higit sa 1 dosis ng bakuna sa meningococcal B. Mayroong dalawang bakuna sa meningococcal B na magagamit. Dapat gamitin ang parehong bakuna para sa lahat ng dosis.

Inirerekomenda ang mga bakuna sa meningococcal B para sa mga taong 10 taong gulang o mas matanda na nasa mas mataas na panganib para sa serogroup B meningococcal disease, kabilang ang:
- Mga taong nasa panganib dahil sa isang serogroup B meningococcal disease outbreak
- Sinuman na ang pali ay nasira o naalis, kabilang ang mga taong may sickle cell disease
- Sinumang may bihirang kondisyon ng immune system na tinatawag na "complement component deficiency"
- Sinumang umiinom ng uri ng gamot na tinatawag na "complement inhibitor," gaya ng eculizumab (tinatawag ding "Soliris"®) o ravulizumab (tinatawag ding "Ultomiris"®)
- Mga microbiologist na regular na nagtatrabaho sa mga isolate ng *N. meningitidis*

Ang mga bakunang ito ay maaari ding ibigay sa sinumang 16 hanggang 23 taong gulang upang magbigay ng panandaliang proteksyon laban sa karamihan ng mga strain ng serogroup B meningococcal disease, batay sa mga talakayan sa pagitan ng pasyente at tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mabuting edad para sa pagbabakuna ay 16 hanggang 18 taon.

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:
- Nagkaroon ng isang **allergic na reaksyon pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakuna sa meningococcal B**, o merong **malubhang, nagbabanta sa buhay na mga allergy**
- Ay **buntis o nagpapasuso**

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna para sa meningococcal B hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

